**A Mga dahilan ng pagpapasalamat at pananalangin sa liham sa Filipos:**

- **MGA DAHILAN UPANG MAGPASALAMAT (Filipos 1:3-8)**
  - — Sinimulan ni Pablo ang kanyang sulat sa pagpapasalamat sa Dios dahil sa mga mananampalataya sa Filipos (Fil. 1:3), na minahal nya (Fil. 1:8).
  - — Gaya ng punong saserdote na suot ang breastplate, malapit sa kanyang puso, ang mga pangalan ng mga tribu ng Israel na nakaukit sa mga hiyas kung haharap sya sa Dios, dala ni Pablo "sa kanyang puso" bawat miembro ng iglesia sa pagharap nya sa Dios sa panalangin upang mamagitan para sa kanila (Fil. 1:7).
  - — Kabilang sa kanyang pasasalamat ay ang pananatiling tapat ng mga taga Filipos sa ebanghelyo, at ginagawa silang perpekto ng Dios araw-araw (Fil. 1:5-6).
  - — Ang ikatlong dahilan ay nakibahagi ang mga taga Filipos sa kanya "sa aking mga tanikala at pagsasanggalang at sa pagpapatunay naman sa evangelio" (Fil. 1:7).
- **MGA KAHILINGAN SA PANALANGIN (Filipos 1:9-11)**
  - — Maaari nating isipin ang motivation sa panalangin ni Pablo na "kinadenang dahilan" (Fil. 1:9-11):
    - (1) Naway sumagana pa ang pag-ibig sa inyo
    - (2) Gagawin kayo nitong mas matalino
    - (3) Mauunawaan nyo ang pinakamainam
    - (4) Magiging dalisay kayo at matuwid
    - (5) Bubunga kayo sa pamamagitan ni Kristo
    - (6) Magdudulot ito ng kaluwalhatian at papuri sa Dios
  - — Paano "lumago ng mainam" ang ating pag-ibig? Bakit mahalaga ito sa Kristyanong pamumuhay?

**B PAGPAPASALAMAT AT PANANALANGIN SA KAHIRAPAN (Filipos 1:12-18)**

- Nang malaman ng mga taga Filipos na nakulong si Pablo sa Roma, malungkot sila ng mainam, at pinadala nila si Epafroditus na may pantulong para sa apostol (Fil. 4:18).
- Malayo sa pagkabalisa, nagpasalamat si Pablo sa Dios sa pagkakakulong. Bakit nagpasalamat? Dahil sa ganitong paraan ay nakapangaral siya sa, kung hindi sana, ay hindi niya maaabot (Fil. 1:13).
- Dagdag pa dito, sa pagkakita sa saloobin ng apostol, napasigla ang ilang mga tapat na kapatid, at nagsimulang ipangaral ang ebanghelyo sa kabila ng mga kahirapang naranasan (Fil. 1:14).
- Ang iba, sa pag-iisip na magiging mahirap kay Pablo ang hayagang pagbabahagi ng ebanghelyo, ay tumulong rin– ng di sinasadya– upang ikalat ito (Fil. 1:15-18).

**C Mga dahilan ng pagpapasalamat at pananalangin sa liham sa Colosas:**

- **MGA DAHILAN UPANG MAGPASALAMAT (Colosas 1:3-8)**
  - — Sa pag-ulit sa mga salita sa 1 Corinto 13:13, nagpasalamat sa Dios si Pablo dahil ang mga taga-Colosas ay meron nitong tatlong katangian ng Kristiano: pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig (Col. 1:4-5).
  - — Itong mga katangian na nagmumula "kay Kristo Jesus", ay nakakaapekto sa ating relasyon sa "lahat ng mga banal", at naipasa sa atin sa pamamagitan ng "tunay na salita ng ebanghelyo".
  - — Idiniin ni Pablo na itong ebanghelyo ay hindi lang ipinangaral sa mga taga Colosas, ngunit "sa buong sanlibutan" (Col. 1:6)... At sa loob lang ng 30 taon!
  - — Ang kapangyarihan ng Dios, na inilipat sa pamamagitan ng ebanghelyo sa gawain ng Banal na Espiritu, ay gumagawa sa Biblia na "salita ng buhay" (Fil. 2:16). Ibig sabihin nito, sa pagtanggap sa ebanghelyo, meron tayong walang hanggang buhay at manang "inimpok para sayo sa langit" (Col. 1:5).
- **MGA KAHILINGAN SA PANALANGIN (Colosas 1:9-12)**
  - — Kabilang sa kahilingan ni Pablo ang maraming mga magagandang bagay para mga taga-Colosas (Col. 1:9-11):
    - (1) Naway tanggapin nila ang kaalaman ng Dios, na magbibigay sa kanila ng karunungan at espiritwal na pag-unawa
    - (2) Mamuhay bilang mga anak ng Dios, pinapaluguran sya sa bawat paraan
    - (3) Naway magbunga sila at lumago sa kaalaman
    - (4) Naway mapatibay sila ng kapangyarihan ng Dios upang maging matiyaga sila
  - — Ginawa itong panalangin na "nagbibigay ng masayang pasasalamat sa Ama"" (Col. 1:12).
  - — May apat na daluyan kung saan kumikilos ang Dios upang maging totoo ang kahilingan ni Pablo sa atin:
    - (1) Ang Biblia (Awit 119:105)
    - (2) Ang espiritu ng hula (Apoc. 19:10), na ipinakita sa pamamagitan ni Ellen G. White
    - (3) Ang pagbibigay ng gabay ng Dios (Col. 4:3)
    - (4) Ang Banal na Espiritu (Is. 30:21)